PAHAYAG SA IMPORMASYON TUNGKOL SA BAKUNA

Bakuna sa Tdap (Tetanus, Diphtheria, Pertussis): *Ano ang Kailangan Mong Malaman*

Marami sa pahayag sa impormasyon tungkol sa bakuna ay available sa Spanish at sa iba pang wika. Bumisita sa www.immunize.org/vis

Hojas de información sobre vacunas están disponibles en español y en muchos otros idiomas. Visite www.immunize.org/vis

1. Bakit dapat magpabakuna?

Pwedeng mapigilan ng **Tdap vaccine** ang **tetanus, diphtheria,** at **pertussis.**

Naikakalat ang diphtheria at pertussis mula sa isang tao patungo sa isa pang tao. Pumapasok ang tetanus sa katawan sa pamamagitan ng mga hiwa at sugat.

- Nagdudulot ang **TETANUS (T)** ng pananakit at paninigas ng mga kalamnan. Pwedeng humantong ang tetanus sa malulubhang problema sa kalusugan, kasama na ang hindi maisarang bibig, problema sa paglunok at paghinga, o pagkamatay.
- Pwedeng humantong ang **DIPHTHERIA (D)** sa hirap sa paghinga, pagpalya ng puso, paralysis, o pagkamatay.
- Ang **PERTUSSIS (aP),** na kilala rin bilang "may halak na ubo (whooping cough)," ay pwedeng magdulot ng hindi makontrol at malakas na pag-ubo na nagpapahirap sa paghinga, pagkain, o pag-inom.

Pwedeng maging napakalubha ang pertussis lalo na sa mga sanggol at maliliit na bata, nagiging sanhi ng pneumonia, kombulsyon, pinsala sa utak, o pagkamatay. Sa mga tin-edyer at adulto, pwedeng maging sanhi ito ng pagbaba ng timbang, pagkawala ng kontrol sa pantog, pagkawala ng malay, at pagkabali ng tadyang dahil sa malakas na pag-ubo.

2. Bakuna sa Tdap

Ang Tdap ay para lang sa mga bata na 7 taong gulang pataas, sa mga nasa kasibulan, at sa mga adulto.

Dapat makatanggap ang mga **nasa kasibulan** ng iisang dosis ng Tdap, mas maganda kung sa edad na 11 o 12 taong gulang.

Ang mga **buntis** ay dapat makatanggap ng dosis ng Tdap sa bawat pagbubuntis, mas mabuti kung sa mga unang bahagi ng ikatlong trimester, para tulungang maprotektahan ang bagong silang na sanggol mula sa pertussis. Ang mga sanggol ang pinakananganganib sa mga malulubha at nakamamatay na komplikasyon ng pertussis.

Ang mga **adultong** hindi pa kailanman nakatanggap ng Tdap ay dapat makatanggap ng isang dosis ng Tdap.

Ganun din, **ang mga adulto ay dapat makatanggap ng dosis ng booster ng alinman sa Tdap o Td** (ibang bakuna na nagpoprotekta laban sa tetanus at diphtheria ngunit hindi sa pertussis) **tuwing 10 taon**, o pagkalipas ng 5 taon sa kaso ng malala o maruming sugat o paso.

Maaaring ibigay ang Tdap kasabay ng iba pang bakuna.

3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong provider ng bakuna kung ang taong tatanggap ng bakuna ay:

- Nagkaroon ng **allergic reaction pagkatapos nang nakaraang dosis ng anumang bakuna na pamprotekta laban sa tetanus, diphtheria, o pertussis,** o mayroong anumang **malala at posibleng ikamatay na mga allergy**
- Nagkaranas ng **coma, mababang antas ng malay, o matagal na pangongombulsyon sa loob ng 7 araw pagkatapos ng nakaraang dosis ng anumang bakuna sa pertussis (DTP, DTaP, o Tdap)**
- Nagkaroon ng mga **seizure o iba pang problema sa nervous system**
- Nagkaroon ng **Guillain-Barré Syndrome** (tinatawag ding "GBS")
- Nagkaroon ng **matinding pananakit o pamamaga pagkatapos ng nakaraang dosis ng kahit anong bakuna na pamprotekta laban sa tetanus o diphtheria**

Sa ilang kaso, maaaring ipasya ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ipagpaliban ang pagbabakuna sa Tdap hanggang sa susunod na pagbisita sa hinaharap.

Maaaring bakunahan ang mga taong may hindi malubhang karamdaman na gaya ng sipon. Kadalasan nang kailangang maghintay munang gumaling ang mga taong may mahina o malalang karamdaman bago tumanggap ng bakuna sa Tdap.

Mabibigyan ka ng higit pang impormasyon ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

4. Mga panganib ng reaksyon sa bakuna

- Ang pananakit, pamumula, o pamamaga sa bahaging pinagturukan, mild na lagnat, pananakit ng ulo, pakiramdam na pagod, at pagkahilo, pagsusuka, pagtatae, pananakit ng tiyan ay nangyayari kung minsan pagkatapos mabakunahan ng Tdap.

Kung minsan, nawawalan ng malay ang mga tao pagkatapos ng medical procedure, kabilang na ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong provider kung makaramdam ka ng pagkahilo o pagbabago sa paningin o pag-ugong ng mga tainga.

Gaya ng kahit anong gamot, may napakaliit na posibilidad na ang bakuna ay magdulot ng malalang allergic reaction, iba pang malubhang pinsala, o pagkamatay.

5. Paano kung magkaroon ng malubhang problema?

Maaaring mangyari ang allergic reaction pagkaalis sa klinika ng taong nabakunahan. Kung may makita kang mga sinyales ng malalang allergic reaction (pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, at mabilis na pagtibok ng puso. pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin kaagad ang taong ito sa pinakamalapit na ospital.

Para sa iba pang sinyales na ipinag-aalala mo, tumawag sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat ireport ang mga malalang reaksyon sa Vaccine Adverse Reporting System (VAERS). Kadalasang ipa-file ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang report na ito, o pwedeng ikaw mismo ang gumawa nito. Bumisita sa website ng VAERS sa **www.vaers.hhs.gov** o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lang sa pagre-report ng mga reaksyon, at hindi nagbibigay ng medikal na pagpapayo ang tauhan ng VAERS.*

6. Ang National Vaccine Injury Compensation Program

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay isang programa ng pederal na itinatag para magbayad sa mga taong napinsala ng partikular na mga bakuna. Ang mga claim ng mga di-umano'y pagkapinsala o pagkamatay dahil sa pagbabakuna ay may limitasyon sa panahon para sa pag-file, na maaaring kasing-ikli lang ng dalawang taon. Bisitahin ang website ng VICP sa **www.hrsa.gov/vaccinecompensation** o tawagan ang **1-800-338-2382** para alamin pa ang tungkol sa programa at tungkol sa pag-file ng claim.

7. Paano ako makakuha ng higit pang impormasyon?

- Magtanong sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tawagan ang iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bisitahin ang website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga vaccine package insert at karagdagang impormasyon sa **www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines**.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tawagan ang **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bisitahin ang website ng CDC sa **www.cdc.gov/vaccines**.

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medikal ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impormasyon sa Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medikal.

Tagalog translation of Tdap VIS provided by California Department of Public Health, Immunization Program

DCH-1281T
AUTH: P. H. S., Act 42, Sect. 2126.